

LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

MODYUL 3: ANO ANG NAIS MONG IPARATING?

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School





ANO ANG NAIS MONG IPARATING?

**KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO
MODYUL 3**

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School
Learning Strand 1: Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino
Modyul 3: Ano ang Nais mong Iparating?

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization
UNESCO Office, Jakarta taong 2020
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

and

Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anumang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hanggahan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Joselito D. Daguison	Schools Division Office of Pangasinan I, Department of Education
Mary Ann C. Macaranas	Pangasinan State University
Rechie O. Salcedo	Schools Division Office of Iriga City, Bicol Region, Department of Education



United Nations
Educational, Scientific and
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

Gabay sa Gagamit

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Ano ang Nais mong Iparating?

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral sa iyong sariling pamamaraan at bilis ng pagkatuto. Hangad din nito na madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Kilalanin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Layunin

Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng maikling talakayan ukol sa aralin. Nilalayan nitong matulungan kang matuklasan at maunawaan ang mga bagong konsepto at kasanayan.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain, o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Linangin

Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tandaan Mo

Dito matatagpuan ang mga buod ng mga aralin sa modyul na ito.



Pagtataya

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Susi sa
Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Talahulugan

Ang bahaging ito ang nagbibigay ng impormasyon ukol sa kahulugan ng mga salitang ginamit sa modyul na ito.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

NILALAMAN

Kilalanin	1
Subukin	3
ARALIN 1: Etimolohiya ng Salita	6
Layunin	6
Tuklasin	7
Suriin	9
Linangin	14
Isagawa	15
ARALIN 2: Salitang-ugat at Paglalapi	17
Layunin	17
Tuklasin	18
Suriin	19
Linangin	22
Isagawa	23
ARALIN 3: Matatalinghagang Salita	24
Layunin	24
Tuklasin	25
Suriin	28
Linangin	32
Isagawa	36

NILALAMAN

Tandaan Mo	38
Pagtataya	40
Susi sa Pagwawasto	44
Talahulugan	52
Sanggunian	54



MODYUL 3

KILALANIN

Kumusta? Handa ka na ba sa panibagong pagdalumat ng karunungan?

Binabati kita! Ikatlong modyul mo na ito at tulad ng nakaraang mga aralin, ito ay inihanda upang patuloy mong tuklasin ang iyong husay at natatagong talento sa mga gawaing inihanda para sa iyo.

Masisiyahan ka sa panibagong kaalaman na iyong pag-aaralan na nakatuon sa pinagmulan ng mga salita, kung paano nakalikha ng panibagong salita at kung paano matutukoy ang kahulugan ng ilang kakaibang salita na iyong naririnig o nababasa.

Ang mga gawain ay pinili upang tiyak na aangkop sa iyong pangangailangan. Bawat aralin ay may mga gawain na magdudulot sa iyo ng kaalaman at lilingan sa iyong mga kasanayan. Inaasahan na habang isinasagawa mo ang mga gawain ay kagigiliwan mong ipagpatuloy ang pagsasakatuparan ng mga susunod pang bahagi nito.

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 1: Ang Etimolohiya ng mga Salita

Aralin 2: Ang Salitang-ugat at Paglalapi

Aralin 3: Mga Matatalinghagang Salita

Tiyak na masusundan mo ang bawat gawaing nakapaloob dito dahil may pagtalakay na tutulong sa iyo. Inaasahang sasagutin mong lahat ang bawat pagsasanay lalo't higit ang mga tanong sa pang-unawa. Kung may pag-aalinlangan sa iyong mga sagot, maaari kang sumangguni sa Susi sa Pagwawasto. Sikapin lamang na tingnan ito pagkatapos mong masagutan ang iyong mga gawain.

Piling-pili at napapanahon ang bawat teksto at iba pang akda upang ganap mong makamit ang mga inaasahang kasanayan o kompetensi.

Masayang pag-aaral!

MODYUL 3

Tunghayan ang diyalogo ng isang mag-aaral at ng kaniyang banyagang kaklase.

Isang banyagang estudyante (exchange student) ang kaklase ni Razi Kyle na si Takashi mula sa bansang Hapon. Binilin si Razi ng kaniyang guro sa Filipino na gabayan si Takashi na maunawaan ang mga hindi pamilyar na salita para sa kaniya. Tatanawin namang malaking tulong ni Takashi kung matututuhan niya ang mga salitang iyon.

Razi Kyle: Kumusta, Takashi? Ikinalulugod kong gabayan ka sa pagpapalawak ng iyong talasalitaan.

Takashi: Doumo arigatou! Maraming salamat! Marami akong gustong malaman tulad ng pagkakaiba ng sungki, suka, suki. Matutulungan mo ba ako?

Razi Kyle: Oo naman! Tara, magsimula na tayong 

Kung ikaw si Razi Kyle, paano mo siya matutulungan?

Huwag kang mag-alala, narito ang modyul na makatutulong sa iyo, kung paano maipaliliwanag ang pinagmulan at paraan ng pagbuo ng mga salita. Halika, simulan mo na!

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Naipaliliwanag ang pinagmulan ng salita (etimolohiya) (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-24)
- Natutukoy ang payak na salita mula sa salitang maylapi (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-25)
- Natutukoy/nabibigyang kahulugan ang mga matatalinghagang salitang ginamit sa pangungusap, kuwento, alamat, tula, at pahayag na binasa (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-20)

Bago pag-aralan ang modyul na ito, sagutin mo muna ang sumusunod na pagsusulit upang malaman natin ang kaalaman mo sa mga paksang pag-uusapan.

2 ANO ANG NAIS MONG IPARATING?



MODYUL 3

SUBUKIN

I. **Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa malinis na papel.

1. Ano ang salitang ugat ng sumulat?

- A. sulat B. ulat C. mulat D. um

2. Ano ang payak na salita na makikita sa ‘limasin’?

- A. himas B. limas C. limos D. -in

3. Anong salita ang may salitang ugat na “sikap”?

- A. pagtakpan B. sumikip C. tumuklap D. pagsikapan

4. Aling salita ang walang panlapi?

- A. hulahan B. natuklasan C. bukambibig D. uminom

5. Ano ang payak na salita?

- A. lumuhod B. talon C. gumanda D. nahulog

MODYUL 3

II. Panuto: Basahin ang mga pangungusap at tukuyin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit. Isulat ang letra ng tamang sagot sa malinis na papel.

1. Maraming biyaya ang kaniyang natatanggap dahil bukaspalad siya sa mga nangangailangan.

- | | |
|--------------------------|-----------------------|
| A. palagastos sa iba | C. handang tumulong |
| B. abot-kamay ang biyaya | D. atubiling magbigay |

2. Si Nena ay batang hindi makabasag-pinggan.

- | | |
|----------------------------|-------------|
| A. mabagal kumilos | C. mahinhin |
| B. antukin kapag inuutusan | D. maingat |

3. Napakahirap amuin ang mga taong balat-sibuyas.

- | | |
|------------------|-------------|
| A. matampuhin | C. iyakin |
| B. kutis mayaman | D. masungit |

4. Naging mabuti siyang haligi ng tahanan ng kaniyang pamilya kaya naman napalaki niya nang wasto ang kaniyang mga anak.

- | | |
|------------|-------------|
| A. ama | C. kaibigan |
| B. kapatid | D. tiyuhin |

5. Nang maulila sa ina, siya ang nagsilbing ilaw ng tahanan ng kaniyang pamilya kaya't lalo siyang nagsumikap sa paghahanapbuhay.

- | | |
|----------------|---------|
| A. elektrisyan | C. ina |
| B. matanda | D. lola |

MODYUL 3

III. Panuto: Sa tulong ng rubrik sa ibaba, ipaliwanag mo ang pinagmulan ng sumusunod na salita. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Jakenpoy
2. silya
3. sorbetes
4. baryo
5. kotse

RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG NG ETIMOLOHIYA NG MGA SALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Wasto, tiyak at simple ang mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag	May isang di-malinaw at malalim na salita na ginamit sa pagpapaliwanag	Hindi malinaw at nakalilito ang pagpapaliwanag	
ORGANISASYON NG MGA IDEYA	Lohikal at mahusay ang organisasyon ng mga ideya; Madaling maunawaan	Mahusay ang organisasyon ng mga ideya	Hindi lohikal ang organisasyon ng mga ideya sa loob ng pangungusap	
PAGGAMIT NG WIKA AT BALARILA	Wasto ang ispeling, ayos ng pangungusap, at bantas	May isang mali sa ispeling, bantas, at ayos ng pangungusap	Maraming mali sa ispeling, bantas, at ayos ng pangungusap	
KABUOAN (15 PUNTOS)				



ETIMOLOHIYA NG SALITA

Ang lahat ng bagay ay may pinagmulan at kasaysayan. Kagaya ng isang alamat na nagsasalaysay ng pinagmulan ng mga bagay-bagay sa mundo, ang salita o wika ay gayundin. Ang salita ay tulad sa isang alamat. May pinagmulan at pagpapakahulugan. Totoong sa bawat likod ng isang salita ay may kuwento, pangyayari o dahilan kung saan at bakit nabuo ang isang simpleng salita. Pinatutunayan lamang nito na ang ating wika ay malikhain at dinamiko.

Kaya naman halina't tuklasin ang etimolohiya ng mga salitang ating ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, panonood, at pagsulat. Kung handa ka na, simulan mo nang basahin ang aralin.

Inaasahang pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ito:



Naipaliliwanag ang pinagmulan ng salita (etimolohiya)
(LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-24)

Integrasyon: Pagtukoy ng Kahulugan ng Di-pamilyar
na Salita (LS1CS/EN-V-PSC-JHS-10).



ARALIN 1

TUKLASIN

Panuto: Basahin ang sumusunod na teksto at alamin kung ano ang pinagmulan ng salitang “chikadora”. Sagutin mo rin ang mga tanong sa ibaba nito.

CHIKADORA

NANETTE AMONGOL



Hindi na lingid sa kaalaman ng lahat na ang isa sa mga mahalagang pagpapahalaga sa Pilipinas ay ang pakikipagkapwa at pakikisama. Ito ay sa kadahilanan na ang ating kultura ay maituturing na *collective* o pang-kabuoan. Kaya naman kasabay ng pagpapahalagang ito ay ang pagkakaroon ng kultura ng Tsismis. Kahit saan ka man lumingon, kakikitaan mo ang bawat isa ng kasabikan na makapagsalaysay ng kuwento, ito man ay maganda o hindi. Minsan pa nga ay nakasisira ng pagkatao ng isang tao. Ngunit, saan nga ba nagmula ang salitang Tsika, Chika, o Chikadora (dahil sa padami nang padaming bersiyon ng panawag)? Ayon kay Facunla (2004), ang salitang Chika o Tsika ay hindi orihinal na wika sa Pilipinas dahil ito ay nagmula sa wikang Espanyol na “Chica” na ang ibig sabihin ay munti o maliit. (tala.1) Madalas itong ginagamit upang bigyan ng panuring ang mga bagay na maliliit, halimbawa *Casa Chica* (maliit na bahay), *Cara Chica* (maliit na mukha).

ARALIN 1

Tumutukoy rin ito sa maliit na batang lalaki o babae. Ito rin ay maaaring gamitin bilang pagbati o pangungumusta sa oras ng personal na pagkikita – *Ola chica* (Facunla, 2004). Sa katunayan, sa salitang ito nanggaling ang pagpapakahulugan natin ng salitang Tsika sa Pilipinas, itinuturing na “*small talk*” ito na ginagawa tuwing nangangamusta o nagkikita ang dalawang magkaibigan. At dahil hindi na iba sa mga Pinoy ang magpalawak ng pagpapakahulugan, nagkaroon na ito ng iba’t ibang pagpapakahulugan. Ginagamit ang **tsika** bilang salitang-ugat at dinudugtungan ng unlaping ma-upang maging *matsika* o maabilidad makipagtalastasan, maraming sinasabi, at magaling makipag-usap sa mga kliyente.

Ngunit, dahil sa mabilis na pag-unlad ng ating wika, hindi na lamang nanatili ito bilang tsika o matsika, ito ay nagkaroon na ng ibang katawagan kagaya ng “tsiken” at tsikadi (Facunla, 2004). Ayon kay Joi Barrios (w.p), peministang iskolar, ang tsikadi ay nagpapakita ng feminism o feminismo na umaangkop sa pakikisama at pagpapahalaga na sinusunod ng mga Filipino at hindi isinunod lamang sa mga feminista ng mga taga-Europa at Estados Unidos. Pinahahalagahan sa ugaling “tsika” o “tsikadi” ang pakikisama at maayos na interpersonal na ugnayan. Samantala, nagkaroon naman ito ng negatibong kahulugan nang madagdagan ito ng salitang dora sa hulihan, kaya’t naging chikadora na ang ibig sabihin ay tsismosa.

O ano, namangha ka ba sa pinagmulan ng salitang chika at chikadora? Kung ganun, kayang-kaya mo nang sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Tungkol saan ang teksto?
2. Mula sa salitang tsika o chika, ano-ano pang salita ang nabuo mula rito?
3. Ano ang iniuugnay na pagpapahalagang Filipino sa pagkakaroon ng kulturang tsismis sa Pilipinas?
4. Sa iyong palagay, nakatutulong ba ang kulturang ito sa atin bilang Filipino. Pangatuwiran.
5. Ayon sa iyong naunawaan, ipaliwanag mo ang pinagmulan ng salitang chikadora.



ARALIN 1

SURIIN

Sa bahaging ito ng aralin ay matutuklasan mo ang isang paraan ng pagtukoy sa pinagmulan ng isang salita na tinatawag na *Etimolohiya ng Salita*. Mas lalo mong maunawaan ang bahaging ito ng modyul sapagkat tatalakayin natin dito ang mga konseptong iyong nabasa tungkol sa pinagmulan ng salitang *chikadora*.

Isinalaysay sa teksto na ang salitang *tsika* ay hindi puro at hindi rin mula sa Pilipinas, ito ay mula sa mga Espanyol na kalaunan ay nakuha ng mga Filipino. Marahil ang ilan sa inyo ay nagtataka kung bakit nagkaroon ng halong wikang Espanyol ang sarili nating wika, ito ay sa kadahilanan na tayo ay nasakop ng iba't ibang bansa kasama ang Espanya kaya naman kung ano man ang kanilang wika, maaari natin itong nakuha at nagamit na kung minsan ay atin pang inaangkin. Kagaya na lamang ng halimbawang salita sa teksto, inangkin natin ang salitang “Chica” ng mga Espanyol ngunit hindi natin kinopya ang konsepto nito, binigyan natin ng bagong pagpapakahulugan, pagturing, at paggamit.

Kumbaga, maihalintulad ito sa pagkaing spaghetti, ang pagkaing ito ay hindi nanggaling sa atin at orihinal na may lasang maasim na *sauce* at may malaking meatballs ngunit pagdating dito sa Pilipinas, spaghetti pa rin ang tawag ngunit binigyan natin ito ng kakaibang timpla na masasabing sa atin ito kaya nagsulputan ang tinatawag nating “Pinoy style spaghetti sauce” na mas matamis kaysa sa orihinal at hindi na meatballs ang ating inilalagay kundi *hotdog*, *giniling*, o *corned beef*.

Sa kabila ng maraming salita sa Pilipinas, mahalaga na magkaroon ng pagsusuri sa mga pinagmulan nito upang mas mapayabong pa ang wika. Kaya naman lumabas ang konsepto at proseso ng etimolohiya.

Halika at simulan nating payabungin ang iyong kaalaman sa pagtukoy sa pinagmulan ng isang salita.

ANO ANG ETIMOLOHIYA?

Ang Etimolohiya ay pag-aaral ng kasaysayan ng isang salita at paano nagbabago ang anyo at kahulugan nito sa paglipas ng panahon. Ang salitang etimolohiya ay nagmula sa salitang Griyego na *etumologia* na nangangahulugang “may ibig sabihin” o “may kahulugan”. (andradotcom, w.p)

Ang bawat salita ay may pinagmulan o pinaghanguang salita mula sa ibang wika. Karaniwan ito sa mga salitang ginagamit sa Wikang Filipino dahil sa naging kasaysayan ng bansang Pilipinas. Tatlong bansa ang sumakop sa bansa noon; ang Espanya, Amerika at Hapon, at malaki ang naging



epekto nito sa wikang sinasalita ng mga Filipino ngayon. Bagaman hindi nasakop ng bansang Tsina ang Pilipinas, may mga salita tayo ngayon na nagmula sa wikang Intsik dahil sa kalakalang naganap noon. Nagkaroon ng panghihiram sa mga salitang banyaga na hanggang ngayon ay naging bahagi ng ating kultura na ginagamit na sa araw-araw na pamumuhay.

ARALIN 1

Basahin ang ilang halimbawa ng etimolohiya at kahulugan nito.

MGA SALITANG MULA SA WIKANG KASTILA/ESPANYOL

WIKANG FILIPINO	WIKANG KASTILA	KAHULUGAN NG SALITA
kumusta	cómo estás	Pagbati na ginagamit upang malaman ang kalagayan ng isang tao; karaniwan kung noon lamang muling nagkita
transportasyon	transportación	Isang paraan ng pagdadala o paghahatid mula sa isang lugar patungo sa isa
panyo	pañó	Kapiraso ng tela na karaniwang ginagamit na pampunas ng mukha
kalendaryo	calendario	Tsart o pahina na nagpapakita ng araw, linggo, o buwan ng isang partikular na taon
lapis	lápiz	Gamit pangmarka, pangguhit, o pansulat; gawa sa isang pahabang piraso ng tisa na nakapaloob sa lalagyang gawa sa kahoy o plastik
sorbetes	sorbet	Gawa mula sa gatas ng kalabaw at inihahain sa apa na karaniwa na inilalako
silya	silla	Pang-isahang upuan, may sandalan, at karaniwang may apat na paa; ibang tawag sa Filipino: upuan/salumpuwit
masilya	macilla	Pagkit o resin na nakukuha mula sa bulaklak ng punong mastic, at karaniwang ginagawang barnis o pantapal sa mga butas ng kahoy, bakal, at katulad
kubyertos	cubiertos	Kagamitang pangkusina na binubuo ng kutsara, tinidor, kutsilyo, at iba pa
konstitusyon	constitucion	Mga batayang prinsipyo na gumagabay sa pamamahala ng isang bansa, estado, o organisasyon

ARALIN 1

MGA SALITANG MULA SA WIKANG INTSIK

WIKANG FILIPINO	WIKANG INTSEK	KAHULUGAN NG SALITA
sanse	sachi	Tawag sa ikatlong nakatatandang kapatid na babae
bimpo	binpo	Makapal na parihabang tela; karaniwang ginagamit na pamunas sa katawan
susi	sosi	Gamit pambukas sa bagay na nakakandado
ditse	dichi	Tawag sa ikalawang nakatatandang kapatid na babae
lumpiya	lunpia	Tawag sa pagkaing sinahugan ng hiniwa-hiwang karne, gulay at iba pang sangkap na ibinalot sa pambalot na gawa sa harina
biko	biko	Minatamis na kaning malagkit
lawin	laū-yeng	Uri ng isang ibon
pakyaw	pakkiau	Maramihang pagbili
suki	chukhe	Tawag sa mahalagang mamimili na madalas na bumibili sa iisang pamilyan/tindahan
huweteng	hueteng	Uri ng laro; pagpapares ng mga numero

ARALIN 1

MGA SALITANG MULA SA WIKANG HAPON

WIKANG FILIPINO	WIKANG HAPON	KAHULUGAN NG SALITA
dyak-en-poy	jakenpoy	Uri ng laro na ginagamitan ng kamay na hinuhugis ng bato, papel, at gunting; tinatawag ding bato-bato-pik
karaoke	karaoke	Tawag sa kagamitang pangmusika na ginagamitan ng mikropono; sina-sabayan ng pag-awit
karate	karate	Uri ng martial arts na nagmula sa bansang Hapon
katol	katorisenko	Tawag sa insensong pamatay ng lamok
katana	katana	Uri ng espadang mula sa bansang Hapon

MGA SALITANG MULA SA WIKANG INGLES

WIKANG FILIPINO	WIKANG INGLES	KAHULUGAN NG SALITA
drayber	driver	Tsuper; tawag sa nagmamaneho ng anumang uri ng sasakyan
boksing	boxing	Uri ng larong pampalakasan; ginagamit ang kamao
keyk	cake	Tawag sa uri ng tinapay na matamis at dinisenyuhan; karaniwang inihahain sa kaarawan
tambay	stand by	Paghihintay o pagtigil sa isang lugar nang walang ginagawang makabuluhan
titser	teacher	Guro; tawag sa taong nagtuturo o nagpapasa ng karunungan sa mag-aaral



ARALIN 1

LINANGIN

Panuto: Saliksikin ang pinagmulan o etimolohiya ng sumusunod na salita. Maaaring gumamit ng google, magtanong o magbasa tungkol dito upang maipaliwanag mo nang husto. Gamitin mo rin ang rubrik sa ibaba sa pagpapaliwanag. Isulat ang iyong paliwanag sa iyong sagutang papel.

1. Kinarir
2. Jologs
3. Selfie
4. Tsugi
5. Salbakuta

RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG NG ETIMOLOHIYA NG MGA SALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Wasto, tiyak at simple ang mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag	May isang di-malinaw at malalim na salita na ginamit sa pagpapaliwanag	Hindi malinaw at nakakalilito ang pagpapaliwanag	
ORGANISASYON NG MGA IDEYA	Lohikal at mahusay ang organisasyon ng mga ideya; Madaling maunawaan	Mahusay ang organisasyon ng mga ideya	Hindi lohikal ang organisasyon ng mga ideya sa loob ng pangungusap	
ISPELING, BANTAS AT AYOS NG PANGUNGUSAP	Wasto ang ispeliling, ayos ng pangungusap, at bantas	May isang mali sa ispeliling, bantas, at ayos ng pangungusap	Maraming mali sa ispeliling, bantas, at ayos ng pangungusap	
KABUOAN (15 PUNTOS)				



ARALIN 1

ISAGAWA

- I. **Panuto:** Magmasid sa iyong tahanan at maghanap ng mga kasangkapan o kagamitan na sa tingin mo’y may pinagmulang salita. Ilista ang mga ito at isulat ang etimolohiya o pinagmulang salita/wika sa tulong ng rubrik sa ibaba.

RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG NG ETIMOLOHIYA NG MGA SALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Wasto, tiyak at simple ang mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag	May isang di-malinaw at malalim na salita na ginamit sa pagpapaliwanag	Hindi malinaw at nakakalilito ang pagpapaliwanag	
ORGANISASYON NG MGA IDEYA	Lohikal at mahusay ang organisasyon ng mga ideya; Madaling maunawaan	Mahusay ang organisasyon ng mga ideya	Hindi lohikal ang organisasyon ng mga ideya sa loob ng pangungusap	
PAGGAMIT NG WIKA AT GRAMATIKA	Wasto ang ispeling, ayos ng pangungusap, at bantas	May isang mali sa ispeling, bantas, at ayos ng pangungusap	Maraming mali sa ispeling, bantas, at ayos ng pangungusap	
KABUOAN (15 PUNTOS)				

ARALIN 1

II. Panuto: Pumili ng limang salita na kadalasang ginagamit sa iyong komunidad at ipaliwanag ang etimolohiya nito. Gamitin pa rin ang rubrik sa pagsulat ng iyong paliwanag sa iyong sagutang papel.

RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG NG ETIMOLOHIYA NG MGA SALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Wasto, tiyak at simple ang mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag	May isang di-malinaw at malalim na salita na ginamit sa pagpapaliwanag	Hindi malinaw at nakakalilito ang pagpapaliwanag	
ORGANISASYON NG MGA IDEYA	Lohikal at mahusay ang organisasyon ng mga ideya; Madaling maunawaan	Mahusay ang organisasyon ng mga ideya	Hindi lohikal ang organisasyon ng mga ideya sa loob ng pangungusap	
PAGGAMIT NG WIKA AT GRAMATIKA	Wasto ang ispeling, ayos ng pangungusap, at bantas	May isang mali sa ispeling, bantas, at ayos ng pangungusap	Maraming mali sa ispeling, bantas, at ayos ng pangungusap	
KABUOAN (15 PUNTOS)				



ANG SALITANG-UGAT AT PAGLALAPI

Ang wika ay makapangyarihan, maaari itong makabuo o makasira dahil lamang sa isang salita. Ang mga salitang ating ginagamit ay maaaring magbago ang kahulugan batay sa mga idinadagdag dito. Kaya naman halina't ating pag-aralan ang salitang-ugat at ang pagpapayaman nito sa pamamagitan ng paglalapi.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ito:




Natutukoy ang payak na salita mula sa salitang maylapi (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-25).



ARALIN 2

TUKLASIN

Panuto: Pagmasdan mo ang punongkahoy sa ibaba. Nababasa mo ba ang mga salitang nasa mga dahon at ugat nito? Natutukoy mo ba ang kaugnayan ng bawat isa?



Gawin at Sagutin Mo.

1. Basahin ang mga salitang nasa dahon, katawan at mga ugat.
2. Ano-anong mga salita ang ikinabit o isinama sa mga salitang nasa ugat upang mabuo ang mga salitang nasa mga dahon? Magbigay ng halimbawa.
3. Ano ang tawag sa mga ikinabit o isinamang ito sa mga salitang nasa dahon?
4. Magkakaugnay ba ang mga salitang nasa dahon at mga ugat? Ipaliwanag.



ARALIN 2

SURIIN


Bago tayo dumako sa ating pormal na talakayan, nais ko munang bigyan ng pagpapaliwanag ang iyong natunghayan na larawan sa Tuklasin.

Kung susuriin, ang mga salitang matatagpuan sa ugat ng puno ay mga salitang payak o mga salitang-ugat, ito ang pinaka-simpleng kayarian ng salita. Walang idinagdag na iba pang mga salita ngunit may kaakibat na kahulugan

Halimbawa, ang salitang “sugat”, kung bibigyan ng pagpapakahulugan ay isang marka sa balat na dulot ng pagtama, pagkatusok, pagkagargas sa balat ngunit kung lalapian ito ng panlapi (hulapi) na “an” ang kalalabasan ay ang salitang “sugatan” na nagkaroon na ng ibang pagpapakahulugan.

SUGAT + AN = SUGATAN

Mula sa isang marka o pagkapunit ng balat dulot ng iba’t ibang pagkakataon ay naging sinasadyang saktan o sinadyang saktan/makapanakit.



Gayundin sa iba pang mga halimbawa, ang isang payak na salita ay magkakaroon ng iba’t ibang kahulugan kapag ito ay nilalapian.

ma- (unlapi) + dami (salitang-ugat/payak) = madami
sulat (salitang-ugat/payak) + -um- (gitlapi) = sumulat
sukat (salitang-ugat/payak) + -in (hulapi) = sukatin

Upang lubos mong maunawaan ang ating paksa, ating alamin kung ano nga ba ang payak na salita o salitang-ugat.

ARALIN 2

ANO ANG PAYAK NA SALITA?

Ang **payak na salita** ay isa sa mga kayarian ng salita. Ito ay salita na binubuo ng salitang-ugat lamang at walang kasamang panlapi. Mula sa salitang payak, ito ay ang pinakasimpleng kayarian ng salita.

PAYAK NA SALITA = SALITANG-UGAT

Ibig sabihin, ang payak na salita ay mga salitang nasa pinaka-simpleng porma o tinatawag ding salitang-ugat

Halimbawa:

- | | |
|----------|------------|
| 1. upo | 6. mahal |
| 2. ganda | 7. lambing |
| 3. kita | 8. hirap |
| 4. sulat | 9. sigaw |
| 5. dila | 10. sikap |

ANO ANG PAGLALAPI?

Ang **paglalapi** ay tumutukoy sa pagsasama ng panlapi at salitang-ugat upang makalikha ng panibagong salita na aangkop sa nais ipahayag sa isang pangungusap. Nagkakaroon ng iba't ibang anyo at kahulugan ang salitang-ugat. Nakabubuo ito ng bagong salita kapag nilalagyan o kinakabitan ng iba't ibang panlapi.

Uri ng Paglalapi

1. **Unlapi** – panlaping matatagpuan sa unahan ng salitang-ugat.

SALITANG-UGAT	MAYLAPI	UNLAPING GINAMIT
upo	pina upo	pina-
ganda	mag anda	ma-

ARALIN 2

Mga panlaping maaaring gamitin: **ma-**, **mag-**, **na-**, **nag-**, **pinag-**, **pag-**, **tiga-**, **pina-**

2. **Gitlapi** – panlaping matatagpuan sa gitna ng salitang-ugat.

SALITANG-UGAT	MAYLAPI	GITLAPING GINAMIT
kita	kumita	-um-
sulat	sinulat	-in-

Mga panlaping maaaring gamitin: **-um-**, **-in-**

3. **Hulapi** – panlaping matatagpuan sa hulihan ng salitang-ugat.

SALITANG-UGAT	MAYLAPI	HULAPING GINAMIT
dila	dilaan	-an
mahal	mahalin	-in

Mga panlaping maaaring gamitin: **-han**, **-an**, **-hin**, **-in**

4. **Kabilaan**– panlaping matatagpuan sa unahan at hulihan ng salitang-ugat.

SALITANG-UGAT	MAYLAPI	PANLAPING KABILAAN NA GINAMIT
lambing	maglambingan	mag-, -an
hirap	nahirapan	na-, -an

5. **Laguhan**– panlaping matatagpuan sa unahan, gitna, hulihan ng salitang-ugat.

SALITANG-UGAT	MAYLAPI	PANLAPING LAGUHAN NA GINAMIT
sigaw	pinagsumigawan	pinag-, -um-, -an
sikap	pinagsumikapan	pinag-, -um-, -an



ARALIN 2

LINANGIN

- I. **Panuto:** Punan ang patlang ng mga salitang-ugat at panlaping ginamit mula sa mga salitang nasa bawat bilang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

SALITANG MAYLAPI	SALITANG UGAT	PANLAPING GINAMIT
1. umasim		
2. kabutihan		
3. kalikasan		
4. natulog		
5. basahin		
6. tuhugin		
7. pinagsumikapan		
8. kinilala		
9. limasin		
10. kilatisin		

- II. **Panuto:** Tukuyin kung anong **uri ng panlapi** ang ginamit sa bawat salitang nasalungguhitan sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Madalas sunduin ni Abel ang kaniyang kasintahan sa Malate.
2. Ayon kay Lolo Teng, nahirapan siyang itaguyod ang kanilang pamilya nang siya ay nakarating sa siyudad.
3. Makiro ang naging sugat ni Marikit matapos niyang matisod at mahulog sa hagdan.
4. Pinagsumigawan ni Baste ang nararamdaman niya sa taas ng bundok.
5. Madalang kung kumilos si Linda kapag alam niyang may naghihintay sa kaniya.



ARALIN 2

ISAGAWA

Panuto: Kompletuhin ang hinihingi sa bawat kahon. Lagyan ng panlapi ayon sa uri ng hinihingi nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

SALITANG UGAT	UNLAPI	GITLAPI	HULAPI	KABILAAN	LAGUHAN
sampalok					
			sigawan		
	madugo				
		sinikap			
				nagtalunan	



MGA MATATALINGHAGANG SALITA

Naranasan mo na bang makarinig ng mga pahayag na di-pangkaraniwan, mga salitang hindi naman magkaugnay ngunit may iisang nakatagong kahulugan? Kung oo, matatalakay natin sa araling ito ang mga pahayag na iyon na tinatawag na matatalinghagang pahayag.

Katulad ng ibang wika, ang wikang Filipino ay mayaman sa mga matatalinghagang salita o pahayag. Kadalasang naririnig natin ito sa mga matatanda upang ikubli o pagaanin ang mga salitang mararahas, nakasisindak o nakasisiphayo.

Halika at simulan na nating tuklasin ang hiwaga ng mga salitang ito.

Inaasahan na pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ito:



Natutukoy/Nabibigyang kahulugan ang mga: matatalinghagang salitang ginamit sa pangungusap, kuwento, alamat, tula, pahayag na binasa (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-20).



ARALIN 3

TUKLASIN

Panuto: Basahin ang teksto at suriin ang mga salitang nasalungguhitan. Sagutin mo rin ang mga tanong sa ibaba nito.



“BIYAHENG PANGARAP”

NANETTE AMONGOL

Sabi nga ng mga matatanda, hindi madali ang buhay. Para itong isang mahabang biyahe kung saan dumaraan sa maraming kalsada, mayroong tuwid at siyempre mayroon ding mga liko-liko na sinabayan pa ng mabato o malubak na daanan ngunit hindi rin naman daw ito tatagal dahil makararating ka rin sa iyong nais na patunguhan.

ARALIN 3

Ako si Jessa Mae, isang kabataan na ipinagpapatuloy ang buhay kahit ako ay nasa parte ng daan na lubak-lubak at mabato. Hindi naging madali sa aking pamilya ang pagkawala ng aking ama na **sumakabilang-buhay**. Ngunit kailangan naming magpatuloy sa buhay at hindi kami dapat manatiling **butas ang bulsa**, kung hindi baka pare-pareho kaming maging **buto't balat**. Kaya naman, ako ay namasukan bilang isang **kasambahay** sa isang negosyante na may puwesto sa Baclaran. At dahil nakuha ko na ang kanilang tiwala, inilagay nila ako bilang kahera sa kanilang tindahan at araw-araw halos **hindi mahulugang karayom** ang mga tao rito kaya palaging abala ang lahat ng tao.

Habang nagtratrabaho sa kanila, inalok nila akong makapagtapos ng kolehiyo. Pag-aaralin daw nila ako ngunit kailangan kong pagsabayin ang pagkakahera at pagkokolehiyo. Hindi na ako nagpatumpik-tumpik pa at tinanggap ko ang pagkakataong ibinibigay sa akin. Masaya naman sila sa naging desisyon ko at nagpapasalamat ako dahil walang **butas sa balat** ang aking amo. Hindi lamang sila mapagbigay sa kanilang mga tauhan, maging mapa-kasambahay man o nagtratrabaho sa kanilang tindahan ay pantay-pantay ang kanilang pakikitungo.

Isang araw habang kasama ko ang aking amo, hindi ko napigilang magtanong sa kaniya, “Bakit po napakabait niyo sa amin?” tanong ko. Agad naman niya akong sinagot nang may kasamang ngiti “Dahil alam ko ang pakiramdam nang walang-wala Jessa, alam mo bang nanggaling din ako sa ganiyang buhay. Mabuti na lamang at nakahanap ako ng **maybahay** na masipag at handang suportahan ang aking mga desisyon at naisin sa buhay. Kung kaya’t napagtagumpayan namin ang aming mga plano. Huwag kayong makontento sa kung ano man ang buhay niyo ngayon dahil kayo ulit ang magiging pag-asa ng iba pang kagaya natin”, hindi ko namalayan na tumutulo na pala ang aking mga luha sa kaniyang tinuran.

Nagsumikap ako at talagang **nagsunog ng kilay** sa pag-aaral hanggang sa ako ay makapagtapos. Ngayon, ako naman ang nakapagpatayo ng isang negosyo at tumutulong sa kapwa ko mga **anak-pawis**.

ARALIN 3

Hindi man naging tuwid ang daan sa simula para sa akin, hindi ako nawalan ng loob at pananalig. Totoong may kakasangkapanin ang Diyos upang tulungan ang tulad nating nagsusumikap at gumagawa ng tama sa kabila ng hirap sa buhay. Nang sa gayon, sa sandalling maabot na natin ang tagumpay ay ibalik natin ang pasasalamat sa Diyos sa pagtulong naman sa ibang nangangailangan upang magsilbing inspirasyon at pag-asa sa pagtahak sa hamon ng buhay.

Kumusta? May naalala ka ba sa karanasan ni Jessa Mae?

Naitala mo ba ang mga salitang may salungguhit?

Sa tulong ng iyong binasa, sagutin mo ang sumusunod na tanong:

1. Tungkol saan ang teksto?
2. Bakit hindi naging hadlang kay Jessa Mae ang kaniyang pinagmulan para maging isang negosyante?
3. Dapat nga bang tumulong sa iyong kapwa kung ikaw ay magtagumpay sa iyong pangarap?
4. Sa iyong palagay, makatatapos kaya siya ng pag-aaral kung hindi siya pinag-aral ng kaniyang pinagtatrabahuhan? Pangatuwiran.
5. Sang-ayon ka bang matatalino lang sa klase ang ang nagtatagumpay sa buhay? Ipaliwanag ang iyong punto.



ARALIN 3


SURIIN

Ngayong nabasa mo na ang teksto, ano sa iyong palagay ang mga nakasalungguhit na salita? Alam mo ba ang kanilang mga kahulugan?

Ang mga salitang nakasalungguhit ay tinatawag nating **matatalinghagang salita**. Ito ay mga salita na ginagamit upang mas mapagaan ang isang pahayag para sa mambabasa o nakikinig. Halika, mas lalo nating palalawakin ang iyong kaalaman tungkol dito.

MATATALINGHAGANG SALITA

ANO ANG MATALINGHAGANG SALITA?



Ang mga **matalinghagang salita** ay mga salita o pahayag na maaari ding tayutay, sawikain o idyoma, kawikaan, kasabihan at salawikain. Ito ay binubuo ng mga karaniwang salita o pahayag na may iba pang kahulugan.

Madalas itong nagtataglay ng mga simbolismo at pahiwatig na kinakailangang bigyang-pansin upang maintindihan ang gustong ipakahulugan nito.

Ang mga salitang ito ay ginagamit upang magkaroon ng magandang daloy ng komunikasyon. Kaya naman ito ang ginagamit para makabuo ng **eupemismo** o **eupemistikong pahayag** na kilala rin sa tawag na **badyang pampalubagloob** o **pampalumanay** para hindi makasakit o masamang pakinggan o basahin .

Ginagamit din ang mga **ekspresyong eupemismong** ito upang hindi tuwirang banggitin ang mga salitang hindi magandang pakinggan, nakabibigla o maaaring magdulot ng kahihiyan o maging katawa-tawa ang isang tao. Dahil sa ito ay malumanay at may pagsasaalang-alang sa damdamin ng

ARALIN 3

makaririnig o mambabasa kung kaya't ito'y kadalasang ginagamit sa mga pormal na sulatin, aklat at lalo na ng mga nakatatanda. Tunay ngang mas mainam itong gamitin kaysa sa mga salitang masyadong bastos o marahas na tuwirang nakapananakit sa damdamin ng tao.

Basahin ang sumusunod na halimbawa:

1. **Tawag ng Kalikasan** – nadudumi o naiihi

Sitwasyon: Ikaw ay nasa isang silid na may mga bisita, nais mong umalis dahil nais mong magbawas/tumae kaya naman ang iyong sasabihin ay

Sa halip na sabihing...

Mawalang-galang lang po, ako po muna ay lalabas dahil ako ay **nadudumi/naiihi**
(Pangit pakinggan at bulgar)

Mas mainam na sabihin at marinig ang...

Mawalang-galang lang po, ako po muna ay lalabas dahil sa **tawag ng kalikasan**.
(Malumanay at may pagsasaalang-alang ng damdamin)



2. **Butas ang Bulsa** – walang pera


Sitwasyon: Ang isa niyong kaibigan ay nagyaya na kumain sa labas ngunit hindi mo pa sahod at sakto na lang ang pera mo para matustusan ang pangangailangan sa nalalabing araw bago ang sahod.

Sa halip na sabihing...

“Uy, **wala akong pera** ngayon, kayo na lang muna”.
(Masakit pakinggan)

Mas mainam na sabihin at marinig ang...

“Uy, **butas ang bulsa ko ngayon**, kayo na lang muna”
(Malumanay at may pagsasaalang-alang ng damdamin)



ARALIN 3

Iba pang mga halimbawa ng mga matatalinghagang pahayag na maaari ding eupemistikong pahayag:

SA HALIP NA...	GANITO ANG SASABIHIN...
maramdamin	balat-sibuyas
mahirap	anak-pawis
payat	buto't balat
bingi	taingang kawali
gutom	kumukulo ang tiyan
sa una lang magaling	ningas-kugon
nagbibingi-bingihan	taingang kawali
duwag	bahag ang buntot
walang trabaho	nagbibilang ng poste
masakit magsalita	matalim ang dila
pangit	hindi kagandahan
halang ang bituka	salbahe, desperado, hindi nag-aalinlangan pumatay
bantay-salakay	taong masugid na nagmamatiyag sa paligid o sa kaniyang kapwa at naghihintay lamang ng pagkakataon upang maisagawa ang kani- yang binabalak
hawak sa leeg	sunod-sunuran
naghihingalo	agaw-buhay
nagbubuhat ng bangko	nagyayabang
nagpanting ang tainga	nainis, nagalit
may bulsa sa balat	kuripot

ARALIN 3

Mula sa mga halimbawang ito, ilahad ang komprehensibong pagkakaiba ng matatalinghagang pahayag sa eupemistikong pahayag.

MATALINGHAGANG PAHAYAG	KAHULUGAN
musmos ng lansangan	batang-kalye
kabungguang balik	kaibigan
nagsusunog ng kilay	nagsisipag sa pag-aaral
kahiramang-suklay	matalik na kaibigan
suntok sa buwan	mahirap abutin
nagdilang anghel	nagkatotoo ang sinabi
may bulsa sa balat	kuripot
makapal ang bulsa	maraming pera
nagbabanat ng buto	nagtatrabaho nang higit sa kinakailangan
bumabaha ng dugo	madugong labanan
buksan ang puso	magmahal muli

O, ano nakita mo ba ang pagkakaiba ng isang eupemistikong pahayag mula sa ibang matatalinghagang salita?

Tama. Karaniwan sa mga matalinghagang salitang nasa eupemistikong pahayag ay may hindi kanais-nais ang kahulugan dahil ito ay marahas, bastos at di maganda sa pandinig. Kung kaya't pinapalitan ang mga salitang ito ng eupemismo o eupemistikong pahayag upang mabawasan ang rimarim, dahas, galit at hinagpis na kahulugan ng isang salita.



ARALIN 3

LINANGIN

- I. **Panuto:** Hanapin sa **Hanay B** ang kahulugan ng mga salitang nasa **Hanay A**. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

HANAY A

1. naninikip ang dibdib
2. musmos ng lansangan
3. bantay salakay
4. bahag ang buntot
5. buwaya
6. balimbing
7. lakad-pagong
8. ningas-kugon
9. naghihingalo
10. balikbayan


HANAY B

- a. malapit nang mamatay
- b. korap
- c. nahihirapang huminga/
sumasama ang loob
- d. mga kababayan na nangibang
bansa at bumalik
- e. batang-kalye
- f. mabagal maglakad
- g. taong nagbabait-baitan
- h. traydor
- i. duwag
- j. sa una lang magaling
- k. nagbibingi-bingihan

ARALIN 3

II. Panuto: Basahin ang pabula. Hanapin ang mga matatalinghagang pahayag at ibigay ang kahulugan nito. Isulat ang sagot sa isang malinis na papel.


KORONA CHI FRANCISCO



Inabot ng taggutom ang kagubatan ng Natiba na dating sagana sa mga pagkaing likas. Ang dating hitik sa bunga na mga puno at buhay na karneng matatagpuan sa kagubatan ay naubos. Dahil sa krisis na ito, ang kampo ng mga ahas ay aligaga na sa kung saan sila kukuha ng makakain.

Isang araw, ang gutom na gutom na si Sasa, ang pinakatuso sa kampo ng mga ahas ay naglibot sa masusukal na bahagi ng kagubatang hindi pa nila napupuntahan.

Sa paglilibot, nakakita siya sa wakas ng pagkaing pampalipas-gutom, isang paniking nagpapahinga sa sanga ng matayog na punongkahoy. Dahan-dahan niya itong nilapitan, pinakiramdaman. Nang tuluyang makalapit, hindi isang nagpapahingang paniki kundi nag-aagaw-buhay ang nakita niya. Bakas sa mukha nito ang kahinaan.



“Tulong...” turan ng paniki na dahilan ng pagkagitla ng ahas. Hindi ba niya alam kung sino ang kaharap niya ngayon? Turan ni Sasa Ahas sa kaniyang isip.

“Nais kong makabalik sa aming kuweba. Nais kong doon mamahinga kasama ng aking pamilya. Ngunit hindi na kaya ng aking pakpak...”

Napangiti ang ahas. Imbis na agad kainin, kabaliktaran ang ginawa niya. “Sige, tutulungan kita. Ngunit kailagan ko munang malaman kung saan ang kuwebang tinutukoy mo,” sagot nito.

Sa isang kuweba, sa dulo ng masukal na kagubatan, doon natagpuan ng ahas ang kuweba na puno ng mga paniki. “Tunay ngang nandito ang pamilya mo!” Gilalas ni Sasa Ahas sa matandang paniki.

“Sige na, maaari ka nang magpahinga.” Ngunit saan mang gubat ay may ahas. Binuka nito ang kaniyang bibig at isang lunok lamang ang ginawa niya sa kaawa-awang matandang paniki!

At hindi pa ito nakuntento dahil likas na tuso ito, sumigaw si Sasa Ahas upang mabulabog ang ilan sa mga paniki. Sinabing natagpuan niya ang matandang paniki na naghihingalo sa isang punongkahoy.

Agad na nagtungo ang malalakas na paniki at naiwan ang mahihina. Doon niya nakita na marami ang nag-aagaw-buhay. May pagtataka man, hindi na nagdalawang-isip si Sasa Ahas upang salakayin ang mahihinang paniki. Isa-isa niya itong kinain nang buo hanggang sa mabusog siya.

ARALIN 3

Nang makuntento ay saka siya bumalik sa kaniyang kampo upang ipamalita ang natagpuang pugad ng laman-tiyan. Walang pag-aatubiling sumugod ang iba pang ahas para sa kanilang makakain habang ang busog nang si Sasa Ahas ay nakatulog na.

Kinabukasan, pagmulat ni Sasa Ahas sa kaniyang mga mata, nakita niyang nagkakagulo ang buong kampo nila. Marami ang nagsusuka, masakit ang ulo, at masama ang pakiramdam. Maya-maya lang din ay naramdaman niya ang parehong karamdaman. Nagsipaghinaan ang dating maliliksi at malalakas na ahas. Naratay ang mga ito at hindi na makagalaw.

Doon ay naalala niya ang una niyang nasaksihan sa kuweba ng mga paniki. Ang nangyayari sa kanilang kampo ay pareho sa kalagayan ng mga paniki na kinain nila!

“Isang nakahahawang sakit!”, ang palahaw ni Sasa Ahas.

Huli na para pagsisihan ang pagiging tuso at bantay-salakay. Kung hindi sana pinagsamantalahan ng ahas ang kahinaan ng mga paniki at ginawang panlaman-tiyan, hindi sana sila ngayon nahawa sa sakit. Hindi na lang tuloy gutom ang kanilang kinahaharap ngayon kundi maging ang paggaling sa sakit na tinawag nilang korona.

O ano, ilan ang naitala mong matatalinghaang salita?

Naiintindihan mo ba ang ang ibig ipakahulugan nito? Ano ang nakatulong sa iyo upang maunawaan ang ibig sabihin nito?

Sa iyong palagay, kabayaran ba ng kaniyang kasakiman ang nangyari sa kaniya? Pangangatuwiran.



ARALIN 3

ISAGAWA

Panuto: Tukuyin sa komik istrip ang kahulugan ng mga nakasalungguhit na matatalinghagang pahayag. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.



ARALIN 3

Malugod na pagbati!

Napagtagumapayan mo ang mga gawain sa modyul na ito.

Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul sa oras na maisakatuparan mo ang huling pagtataya.



MODYUL 3

TANDAAN MO

Mga kaalamang dapat mong isaisip...

- Ang *Etomolohiya* ay pag-aaral ng kasaysayan ng isang salita at kung paano nagbabago ang anyo at kahulugan nito sa paglipas ng panahon. Ang salitang etimolohiya ay nagmula sa salitang Griyego na *etumologia* na nangangahulugang “may ibig sabihin” o “may kahulugan”.
- Sa kabila ng maraming salita sa Pilipinas, mahalaga na magkaroon ng pagsusuri sa mga pinagmulan nito upang mas mapayabong pa ang wika. Kaya naman lumabas ang konsepto at proseso ng etimolohiya.
- Ang **payak na salita** ay isa sa mga kayarian ng salita. Ito ay tinatawag na **salitang-ugat** at walang kasamang panlapi. Sa tulong ng **paglalapi**, nakabubuo ng bagong salita dahil sa pagsasama ng **panlapi** at **salitang-ugat**.
- Mula sa salitang-ugat o payak na salita, ito ay nagkakaroon ng iba’t ibang anyo at kahulugan kung ito ay lalagyan o kakabitan ng panlapi sa unahan (**unlapi**), gitna (**gitlapi**), hulihan (**hulapi**) unahan at hulihan (**kabilaan**) at ang panlaping nasa unahan, gitna at hulihan na tinatawag na **laguhan**.
- Ang mga **matatalinghagang salita** ay mga salita o pahayag na maaari ding tayutay, sawikain o idyoma, kawikaan, kasabihan at salawikain. Ito ay binubuo ng mga karaniwang salita o pahayag na may iba pang kahulugan.

- Madalas itong nagtataglay ng mga **simbolismo** at **pahiwatig** na kinakailangang bigyang-pansin upang maintindihan ang gustong ipakahulugan nito.
- Dahil sa mga matatalinghagang salita, nagkakaroon ng magandang komunikasyon o paghahatid ng impormasyon sa paraang malumanay upang maiwasang makasakit sa damdamin ng ibang tao na tinatawag na **eupemismo**.
- Ginagamit ang **eupemistikong pahayag** na ito upang pagaanin ang mga salitang marahas, nakasisindak o maaaring makapagdulot ng kahihyan o maging katawa-tawa ang isang tao.



MODYUL 3

PAGTATAYA

I. ETIMOLOHIYA NG MGA SALITA

Panuto: Sa tulong ng rubrik sa ibaba, ipaliwanag mo ang pinagmulan ng sumusunod na salita. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. kumusta
2. huweteng
3. titser
4. katana
5. susi

RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG NG ETIMOLOHIYA NG MGA SALITA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Wasto, tiyak at simple ang mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag	May isang di-malinaw at malalim na salita na ginamit sa pagpapaliwanag	Hindi malinaw at nakakalilito ang pagpapaliwanag	
ORGANISASYON NG MGA IDEYA	Lohikal at mahusay ang organisasyon ng mga ideya; Madaling maunawaan	Mahusay ang organisasyon ng mga ideya	Hindi lohikal ang organisasyon ng mga ideya sa loob ng pangungusap	
PAGGAMIT NG WIKA AT GRAMATIKA	Wasto ang ispeling, ayos ng pangungusap, at bantas	May isang mali sa ispeling, bantas, at ayos ng pangungusap	Maraming mali sa ispeling, bantas, at ayos ng pangungusap	
KABUOAN (15 PUNTOS)				

MODYUL 3

II. SALITANG-UGAT AT PAGLALAPI

Panuto: Kompletuhin ang talahanayan sa ibaba. Ibigay ang uri ng panlapi at salitang ugat na bumubuo sa bawat salitang maylapi.

SALITANG MAYLAPI	URI NG PANLAPI	SALITANG-UGAT
1. malakas		
2. unahan		
3. gumamit		
4. pigilan		
5. magdinuguan		

III. MATATALINGHAGANG SALITA

Panuto: Tukuyin ang kahulugan ng mga matatalinghagang salitang nasalungguhan sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Si Alejandro at Jane ay mga laki sa layaw kaya naman hindi nila alam na ang lahat ng bagay ay dapat pinahahalagahan.
 - A. mayaman
 - B. masinop
 - C. lahat ng naisin ay nasusunod at nakukuha
 - D. walang katulong pero di gumagawa
2. Malaki ang puso ng pamilya Alvarez sa mga nangangailangan kaya naman sila ay patuloy na nakatatanggap ng biyaya.
 - A. matulungin
 - B. handang magsakripisyo
 - C. maraming ari-ariang ipamimigay
 - D. tumatanggap ng mga trabahador

MODYUL 3

3. Ganda talaga ng balat ni Gina, kutis porselana!
 - A. maputi
 - B. kayumanggi
 - C. makinis, maputi at namumula-mula
 - D. maitim

4. Ang mga kapitbahay talaga natin minsan, masyadong mahaba ang dila hindi nila alam kung kailan sila nakasasakit ng damdamin ng kanilang kapwa.
 - A. sinungaling
 - B. palaaway
 - C. matabil ang dila/masakit magsalita
 - D. pakialamera

5. Para sa akin, mas nakakakilig pa rin ang tradisyunal na paraan ng paniningalang pugad.
 - A. aakyat ng puno
 - B. panliligaw
 - C. magsisilbi sa napupusuan
 - D. nagkatampuhan ang magsing-irog

6. Mas maaasahan mo talaga sa trabaho ang mga tipo ng tao na may kusang palo.
 - A. walang ginagawa
 - B. may diskarte
 - C. walang tiyaga
 - D. gumagawa kahit di utusan

7. Nakatatakot titigan ang kaniyang mga matang-ahas.
 - A. nanlilisik na mga mata
 - B. mababaw
 - C. mailap
 - D. maamo

MODYUL 3

8. Sa isang kisapmata, maaaring mawala ang lahat ng iyong pinaghirapan.
 - A. inilipad ng hangin
 - B. isang iglap
 - C. takbong kabayo
 - D. matagal

9. Tiyak na maluluha ka sa mga sinalanta ng bagyong Rolly, lalo na ang mga taong may pusong mamon.
 - A. matatakutin
 - B. sakit sa puso
 - C. maawain
 - D. pusong bato

10. Tingnan mo ang taong iyon, parang nagmumurang-kamyas.
 - A. nag-aasal bata
 - B. matandang babae o lalaki na umaastang parang tinedyer
 - C. nag-aayos
 - D. nagbibihis-baduy

SUSI SA PAGWAWASTO

SUBUKIN

GAWAIN I

PAHINA 3

1. A
2. B
3. D
4. C
5. B

GAWAIN II

PAHINA 4

1. C
2. C
3. A
4. A
5. C

GAWAIN III

PAHINA 5

1. **dyak-en-poy** - mula sa salitang hapon na “jakenpoy” na ang kahulugan ay uri ng laro na ginagamitan ng kamay na hinuhugis ng batos, papel, at gunting; tinatawag din itong bato-bato-pik.
2. **silya** - mula sa salitang Espanyol na “silla” na ang ibig sabihin ay pang-isahang upuan, may sandalan, at karaniwang may apat na paa; ibang tawag sa Filipino: upuan/salumpuwit.
3. **sorbetes** - mula sa salitang Espanyol na “sorbet” na ang ibig sabihin ay gawa mula sa gatas ng kalabaw at inihahain sa apa na karaniwang inilalako
4. **baryo** - mula sa salitang Espanyol na barrio na ang ibig sabihin ay isang maliit na lugar na may sariling pamumuno.
5. **kotse** - mula sa salitang Espanyol na “coche” na ang ibig sabihin ay isang uri ng transportasyon.

SUSI SA PAGWAWASTO

ARALIN 1: ETIMOLOHIYA NG SALITA

LINANGIN

PAHINA 14

1. **kinarir** - isang salitang Pinoy na hango sa salitang idyomang Ingles na “*making a career out of it*” at mula din sa salitang Espanyol na “*carrera*”; tumutukoy sa pagiging pursigido sa isang gawain
2. **jologs** - isang salitang Pinoy na nagmula sa salitang jolens – tawag sa mga tagahanga ni Jolina Magdangal, isang 90’s teen icon. Tinawag silang jologs na sa kalaunan ay naiugnay sa salitang baduy o bakya na ang ibig sabihin ay mura; ito ay naglalarawan sa mga tao o bagay na hindi mawari at mumurahin at baduy; tumutukoy rin ito sa kombinasyong ulam ng mahihirap na daing, tuyo at itlog
3. **selfie** - isang wikang Australyano na nagsimulang gamitin sa Pilipinas nang magpost ng retrato si Jennifer Lee, isang aktres sa bansa sa kaniyang Instagram ng “selfie” para sa pagbabago noong 2012;
4. **tsugi** - isang salitang hindi naman Hapon, subalit may katumbas na ispeleng na tsugi; ito’y isang salitang Pinoy na bahagi ng mga gay lingo o swardspeak idyolek, na mula sa salitang sibak na ligwak na naging tsugi. Tsugi ang isang bagay, karanasan, lugar, tao at pagkatao kapagka negatibo ang dating. Tsugi ang kabaligtaran ng wagi o winner. Tumutukoy rin ito sa tao, bagay, karanasan o pangyayari na hindi kanais-nais o hindi pumasa sa pamantayan
5. **salbakuta** - isang salitang Bikolnon na ginagamit pa noong panahon ng Espanyol na hango sa salitang “*salvaje*” na nangangahulugang mabangis, mailap, taong-bundok; tinatawag din itong hijo de puta (Espanyol) na nangangahulugang anak ng puta o masamang babae, patutot, burikak at iba pa. Karaniwang ito ay ginagamit na ekspresyon sa pagmumura at pantawag sa mga bagay na kakaiba. Naging tanyag ang salitang Bikolnon na ito nang gamiting pangalan ito ng tatlong Bikolnong rapper o hiphop artist na nagpasikat ng awiting “S2PID LUV”

ISAGAWA

GAWAIN I AT II

PAHINA 15

Tatanggapin ang lahat ng sagot kung ito ay nakaangkop sa rubrik.

SUSI SA PAGWAWASTO

ARALIN 2: SALITANG-UGAT AT PAGLALAPI

TUKLASIN

PAHINA 18

2. Ang mga salitang ikinabit o isinama sa mga salitang nasa ugat upang mabuo ang mga salitang nasa mga dahon ay **in, um, ma, an**
3. **Panlapi** ang tawag sa mga ikinabit sa unahan, gitna at hulihan ng mga salitang nasa mga dahon.
4. Magkakaugnay ang mga salitang nasa dahon at mga ugat sa-pagkat tumutukoy ito sa iisang konsepto subalit dahil sa panlapi kaya't nabago ang anyo at kahulugan nito.

LINANGIN

PAHINA 22

GAWAIN I

SALITANG MAYLAPI	SALITANG UGAT	PANLAPING GINAMIT
1. umasim	asim	-um
2. kabutihan	buti	ka-, -han
3. kalikasan	likas	ka-, -an
4. natulog	tulog	na-
5. basahin	basa	-hin
6. tuhugin	tuhog	-in
7. pinagsumikapan	sikap	pinag-, -um-, -an
8. kinilala	kilala	-in-
9. limasin	limas	-in
10. kilatisin	kilatis	-in

GAWAIN II

1. hulapi
2. unlapi
3. kabilaan
4. laguhan
5. gitlapi

SUSI SA PAGWAWASTO

ISAGAWA

PAHINA 23

SALITANG UGAT	UNLAPI	GITLAPI	HULAPI	KABILAAN	LAGUHAN
sampalok	magsampalok	sinampalok	sampalukan	nagsampalukan	nagsinampalukan
sigaw	pagsigaw/ nasigaw	sinigaw/ sumigaw	sigawan	nagsigawan/ magsigawan	pinagsumigawan
dugo	madugo	dinugo/ dumugo	duguan	nagduguan/ pinagduguan	pinagdinuguan
sikap	nagsikap/ masikap	sinikap	sikapin/ sikapan	pinagsikapan	pinagsumikapan
talon	pagtalon	tumalon/ tinalon	talunin	nagtalunan	nagtinalunan

SUSI SA PAGWAWASTO

ARALIN 3: MATATALINGHAGANG SALITA

TUKLASIN

PAHINA 25

1. Ang teksto ay tungkol kay Jessa Mae na nagtagumpay sa buhay sa kabila ng kanilang kahirapan.
2. Hindi naging hadlang ang kaniyang pinagmulan upang magtagumpay dahil hindi siya nahiyang magbanat ng buto sa murang edad upang may makain. Nagpakita siya ng katapatan at kasipagan na naging dahilan upang siya ay pagkatiwalaan at pag-aralin ng kaniyang mga amo.
3. Ang pagtulong sa kapwa ay walang pinipiling kondisyon. Mahirap ka man o maykaya sa buhay ay mayroon kang maitutulong. Kaya kung may pagkakataon ka sa lahat ng oras ay dapat tumulong.
4. Naniniwala akong makatapos si Jessa Mae sapagkat may ambisyon siya sa buhay. Determinado siya, kahit mahirap kakayanin.
5. Hindi lahat ng matalino sa klase ay nagtatagumpay. Higit na kailangan ng isang tao ang determinasyon at pananalig upang magtagumpay. Kasi minsan, kahit na matalino kung walang determinasyon na makatapos ng pag-aaral dahil sa ibang sagabal tulad ng pagtatrabaho, walang panggastos o maagang pag-aasawa ay nababalewala rin. Mabuti pa ang katamtaman lang sa klase ngunit matiyaga kahit nahihirapan, iyon ang nagtatagumpay. Minsan naman kahit walang hilig sa pag-aaral kung determinadong umasenso dahil sa masipag at madiskarte ay nagtatagumpay at yumayaman din. Higit sa lahat, kailangang gamitin ang talino sa kabutihan at may pananalig sa Diyos upang magtagumpay.

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 32

- | | |
|------|-------|
| 1. c | 6. h |
| 2. e | 7. f |
| 3. g | 8. j |
| 4. i | 9. a |
| 5. b | 10. d |

SUSI SA PAGWAWASTO

Sa iyong palagay, kabayaran ba ng kaniyang kasakiman ang nangyari sa kaniya? Pangatuwiran.



Naniniwala akong walang masamang gawain na nagdudulot ng kabutihan. Kung kaya't ang nangyari sa kaniya ay kaparusahan dahil sa panloloko niya sa paniking humihingi ng kaniyang tulong subalit kaniyang kinain maging ang mga kasama nito.

ISAGAWA

PAHINA 36

1. **Nag-aagaw-buhay** - malapit nang mamatay; naghihingalo
2. **Bantay-salakay** - taong masugid na nagmamatiyag sa paligid o sa kaniyang kapwa at naghihintay lamang ng pagkakataon upang maisagawa ang kaniyang binabalak
3. **Maghahalo ang balat sa tinalupan** - magkakagulo

SUSI SA PAGWAWASTO

PAGTATAYA

GAWAIN I

PAHINA 40

1. **kumusta** - isang salitang Espanyol na como estas na ang ibig sabihin ay pagbati upang malaman ang kalagayan ng isang tao; karaniwang sinasabi sa mga matagal na di nagkita.
2. **huweteng** - isang salitang Intsik na tumutukoy sa uri ng laro na nagpapares ng numero; itinuturing na ilegal na sugal.
3. **titser** - isang salitang Ingles na tumutukoy sa guro; tawag sa taong nagtuturo o nagpapasa ng karunungan sa mga mag-aaral.
4. **katana** - isang salitang Hapon na tumutukoy sa uri ng espada na matalim na ginagamit sa pakikipaglaban.
5. **susi** - isang salitang Intsik na tumutukoy sa pambukas sa bagay na nakakandado.

GAWAIN II

PAHINA 41

SALITANG MAYLAPI	URI NG MAYLAPI	SALITANG-UGAT
1. malakas	unlapi	lakas
2. unahan	hulapi	una
3. gumamit	gitlapi	gamit
4. pigilan	hulapi	pigil
5. magdinuguan	laguhan	dugo

SUSI SA PAGWAWASTO

GAWAIN III

PAHINA 41

1. C
2. A
3. C
4. C
5. B
6. D
7. A
8. B
9. C
10. B

TALAHULUGAN

Dalumat	pag-iisip nang malalim, masusi, masinop, o kritikal
Dinamiko	pagbabago ng isang bagay o tao
Etimolohiya	pag-aaral ng kasaysayan ng isang salita at paano nagbabago ang anyo at kahulugan nito sa paglipas ng panahon
Eupemistiko	mga salita o pahayag na ginagawang pamalit sa mga masasakit na salita
Gitlapi	uri ng panlaping matatagpuan sa gitnang bahagi ng salitang-ugat
Hulapi	uri ng panlapi na matatagpuan sa hulihang bahagi ng salitang-ugat
Kabilaan	uri ng panlaping matatagpuan sa unahan at hulihang bahagi ng salitang-ugat
Laguhan	uri ng panlapi na matatagpuan sa unahan, gitna, at hulihang bahagi ng salitang-ugat
Matalinghagang salita	binubuo ng mga karaniwang salita na nagtataglay ng iba pang kahulugan. Madalas itong nagtataglay ng mga simbolismo at pahiwatig na kinakailangang bigyang-pansin upang maunawaan ang gustong ipakahulugan nito.

TALAHULUGAN

Pabula	isang uri ng panitikan na ang mga pangunahing tauhan ay mga hayop
Paglumanay	marahan o dahan-dahan
Salitang-ugat	mga salita na walang panlapi; payak na salita.
Simbolismo	paggamit ng mga bagay upang magpahiwatig ng mensahe
Tayutay	ito ay ang mga sinasadyang paglayo sa karaniwang paggamit ng mga salita o mga pahayag na matatalinghaga.
Unlapi	uri ng panlapi na matatagpuan sa unahang bahagi ng salitang-ugat.
Wika	gamit kapag nagsasabi o nagbabahagi ng impormasyon.

SANGGUNIAN

- Amongol, N. “Chikadorra”, Setyembre. 22, 2020
_____. “Biyaheng Pangarap:”, Setyembre. 22, 2020
- Carrasco, Maricel. “Idyoma”, Marso 17, 2014. https://www.youtube.com/watch?v=UOIVw_ZU6Vs
- Castillo, Mary Joy, et. al. Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Jimcyzville Publications, Malabon, Philippines 2012.
- Communicator, The, CSU. “Matatalinghagang Usapan”, August 4, 2018. <https://www.facebook.com/csukomyu/photos/matalinghagang-usapanmga-halimbawang-mga-matalinghagang-salitaagaw-buhay-naghihin/1931633610222044/>.
- Facunla, Rene Boy. “Tsika”. Abril, 7, 2004. Pilipinas Institute of Translation. <http://sawikaan.blogspot.com/2004/>
- Palero, Juan Miguel. “Filipino 9 Etimolohiya”. <https://www.slideshare.net/mobile/jmpalero/filipino-9-etimolohiya>.
- TagalogLang. “Salitang Hiram sa Intsik ng mga Pilipino”, 2002. <https://www.tagaloglang.com/salitang-hiram-sa-intsik-ng-mga-pilipino/>.

Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansyal.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985
Email Address : blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrp@deped.gov.ph